PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE
NEWS AND INFORMATION BUREAU

OPEN FORUM BY PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.
AT THE TOWN HALL MEETING ON TRAFFIC CONCERNS
[Held at the FilOil EcoOil Centre, City of San Juan| 10 April 2024]

SAN JUAN MAYOR ZAMORA: Magandang umaga po muli, Mahal na Pangulo. Ang akin pong tanong – nandito po ang mga kapwa ko mayors ng Metro Manila – ano ho ba ang maitutulong ng mga local government units po ng National Capital Region upang maibsan po ang problema ng trapiko sa Kamaynilaan?

DILG SEC. ABALOS: Mayor Francis, magandang umaga po. Nasa Section 16 and 17 ng Local Government Code ang mandato 'no, ang General Welfare Code at ang responsibilidad ng bawat mayor, ng bawat local executive. Ang malaking tulong po natin dito, of course, ang pagbabayad ng mga manpower lalo na sa mga road clearing, mga CCTVs 'no, sa mga basura, mga recycling things at to make sure na mayroon tayong sistema na ang mga basura ay hindi kakalat sa kalye kasi cause of traffic na rin ito.

Of course, magkakaroon tayo ng tinatawag na composite validation assistant task team dahil marami ang nagsasabi na ang kanilang barangay ay cleared na, etc., pero we need to validate this. Iyong mga iligal na parking, iyong ating mga ordinansa na pinapayagan natin sa Mabuhay Lane ang parking, ipagbawal na po natin ito kasi these are Mabuhay Lanes.

Ang pagtalaga ng CCTVs, alam ninyo ho, noong ako'y MMDA chairman, ang sakit ng ulo ko, iyong banda po rito sa Balintawak Market. Ever since na tuwing umaga, iyong kanilang nagbabagsak ng paninda, one lane sinasakop. Alam ninyo kung paano ko nasolusyunan? Simple lang: Naglagay lang ako ng apat o limang CCTV cameras, pinatawag ko iyong naka-head na traffic doon, ang sinabi ko roon, "Once may makita ako ritong naka-ano tuwing umaga, tuwing hapon, isususpinde kita." At magmula noon, luminis ang Balintawak, of course, sa tulong ni Mayor Joy. Magkasama kami ni Mayor Joy noong araw na ito.

So these are simple things na puwede nating magawa. Malaking bagay ang teknolohiya at pabayaan mong ngayon pa lang, pasalamatan ko ang lahat ng mayors of Metro Manila dahil sa pakikiisa ninyo, nagkaroon tayo ng single ticketing. Napakagaling po ninyo. Maraming salamat po.

MR. ROBERT FRANCIS MARONILLA: Mahal na Pangulo, good morning. Good morning po sa lahat.

I represent the business sector. So let me start here: It is a known fact that the Philippine economy is continuously losing millions due to the traffic plight here in Metro Manila. This problem has been affecting everyone, from the smallest businesses up to the international partners and investors, not to mention the burden that trickles down to our employees. The extensive hours that our employees have to endure in their daily commute are affecting their productivity at work and more so, their time to spend with their loved ones.

So my question is: Given this problem, aside from the current efforts of the government to help us and our employees, how can the government improve the state of public transportation in

Metro Manila? Aside from this, I would like to ask if the members of the panel can give us the economic players and the general public the commitment that all the previously mentioned mass public transportation projects presented will adhere to the said timelines, scope, completion and operationalization dates.

Lastly, I would also ask that the stakeholders of the ec0nomic sector be informed of the progress of the said projects to be enable us to have ample time to prepare and mitigate the impacts that these projects will bring. Iyon lang po. Maraming salamat.

DOTR SEC. BAUTISTA: Good morning po 'no. First of all, maraming salamat po doon sa inyong question. Alam po natin na traffic is really a problem 'no, and solusyon po natin dito, long-term, ay ang pagkumpleto ng mga infrastructure project that we have started. Mayroon po tayong ginagawa ngayon, iyong Metro Manila subway. At kapag matapos po ito, we will be able to handle or move almost 500,000 passengers a day.

Mayroon din po tayong North-South Commuter Railway na it's a 147-kilometer railway from Clark to Calamba, at ito po ay makakatulong din sa ating mga pasahero. So instead of bringing their cars, they will just take this train which will be very comfortable and efficient.

Ito po ang long-term solution natin dito sa ating problem. And ang government po natin ngayon is working closely with JICA for a 30-year masterplan for railway in the greater capital region.

Pero sa short-term po, ang ginagawa natin ngayon ay magkaroon ng efficient busway system. Ito pong EDSA busway, continuous po ang improvement na ginagawa natin dito para maging mas maayos and mas comfortable iyong travel experience ng ating mga pasahero.

At isa pa po ay iyong improvement ng MRT 3. Dadagdagan po natin iyong mga bagon na mag-o-operate dito sa MRT 3, and madadagdagan po iyong ridership nito. Ganoon din po iyong LRT 2 and LRT 1. Ang LRT 1 po in maybe four to five months, matatapos na iyong extension nito hanggang Sucat, and ito po ay magdadagdag ng mga around 30,000 passengers a day. So makakatulong po ito dito sa problema natin dito sa trapiko.

Isa pa po ay iyong ating implementation ng PUV modernization program 'no. Iyon pong deadline for consolidation ay April 30. And kapag na-implement po natin na, maski iyong consolidation lang muna, ay magiging efficient po iyong operations ng ating mga jeepney dahil magkakaroon po ng tamang fleet management, tamang dispatch system, and susundin po nila iyong mga tamang standard para maging safe and comfortable iyong experience ng ating mga pasahero.

Salamat po.

PRESIDENT MARCOS: Dadagdagan ko na iyong sagot ni Sec. Jimmy, dahil kasama doon sa tanong; kung ano na ang natapos doon sa ating pinag-uusapan na mga malalaking Mass Transit system at kung ito'y matatapos sa lalong madaling panahon. Magbibigay ako sa inyo ng kaunting report dito sa mga ating ginagawa para sa Mass Transit.

Alam ninyo, wala talagang solusyon ang traffic kung hindi tayo malipat sa kalsada at mapunta sa mass transit, kaya tayo naglalagaya ng mga subway, naglalagay tayo ng mga train. Ito po, para naman mas madali talaga, walang ng traffic kasi 'pag sumakay ka ng train walang traffic.

Kaya't nakikita natin sa mga ibang lugar, kahit iyong mga 'pag pupunta ka sasakay ng train, sasakay ka ng subway makikita mo lahat ng klaseng tao doon sumasakay, kahit6 iyong mga

mayayaman na may kaya sumasakay sa train dahil iyon ang pinakamabilis mapuntahan kahit na iyong malalaking siyudad New York ganoon, London ganoon kahit na sino ang train ang ginagamit.

Kaya't iyan talaga ang tanging solusyon, kaya't iyan ang aming pinupursige tungkol nga para mapalagyan natin, pagandahin natin, mapalawak natin, mapabilis natin ang mass transport system. Malipat ang pagbiyahe ng mga commuter, imbes na sumakay ng bus, ng tricycle, ng jeepney o iyong sarili nilang sasakyan ay sila'y sumakay na sa mass transit system.

Magbigay ako ng kaunting report sa mga sa mga ongoing construction railway project. Iyong North-South commuter railway project iyong Tutuban hanggang Malolos ay 61% na kumpleto. Ang North-South commuter railway extension project Malolos to Clark ito 56.5% na tapos na. North-South commuter railway extension project iyong South extension Manila hanggang Calamba ay 38% na natapos.

Ang Metro Manila subway project 41% na ang natapos. LRT line 1 Cavite extension 80% ng tapos. MRT line 3 rehabilitation and maintenance 85% ng tapos. Ang Unified Grand Central station ang common station sa Quezon City is 83% finish already. Ang MRT line Quezon City hanggang Bulacan ay 67%. Kaya't talagang ito'y minamadali natin dahil nababanggit nga napakalaki ang sagabal sa progreso natin itong traffic, hindi lamang sa oras na nasasayang, hindi lamang sa gasolina nasasayang sa kaantay na ura-urada sa daan. At iyong gastos ng ating mga commuter.

Nabigyan nga tayo ng statistic ngayon sa kasalukuyan 4.9 billion ang cost ng commuting ngayon sa Metro Manila. Kung wala tayong gawin, aakyat ito ng halos 9 billion kada araw. Matapos ang analysis ng NEDA at saka Department of Finance 3 ½ (three and a half) billion ang nawawala sa atin o iyong tinatawag na opportunity cost, nasasayangan ng oras ang mga dapat na hindi iyong productivity natin bumabagsak dahil nga nag-aantay tayo ng sasakyan, kaya't diyan tayo pupunta.

Ang tanging sagot dito ay talagang, ay iyong mga mass transit system, kaya't iyon ang aming minamadali, iyon ang aming gagawin ng priority hanggang ngayon ay priority sa mga imprastraktura kontra sa trapiko (applause)

MODERATOR: Thank you Mister President and Secretary Bautista.

Susunod mula naman sa private sector, acknowledging Mister George R. Royeca, the Chief Executive Officer of Angkas.

MR. ROYECA: Good morning Mister President, honorable officials and fellow advocates. I would just like to start by saying that in our eight year of advocating the viability of motorcycle taxis. I had the pleasure of leading my case to the President three times and I'm happy to announce, all of the occasion were with you Mister President, so maraming salamat and I'm truly grateful sa openness ninyo po na making doon sa aming isyu sa solution.

Sa journey po namin marami kaming pinagdaan, we suffered three government shutdown before the pilot, suffered two years of pandemic and tatlong congress po from 17 to 18 in pushing for the …19 in pushing for the passage of the law. Pero grateful po kami dito Boss, kasi Mister President, dahil dito this became our biggest advantage. We had to create the best training program to pillion passenger. Dahil po sa Indonesia, sa Thailand, sa Vietnam widely accepted na po iyong

motorsiklo at because po doon sa negative stigma ng safety ng motorsiklo sa Pilipinas, we had to create the best system.

At ngayon po, proud na proud po kaming sabihin, na ang Filipino motorcycle taxi driver is one the most discipline not just in the Philippines and in the entire region po. Ang accident rate po namin is .003% ang safety rating po natin is 99.97%. In fact, I remembered vividly Mister President, before DOTr agreed to a pilot in 2019, the then LTFRB chairman challenge me that if our rating went below 99% we would voluntary close shop and I agreed to that challenge.

Ngayon po, marami na pong pumasok sa motorcycle taxi industry and we welcome this development. As I laud the economic contribution of our foreign counterparts such as Grab, Lalamove and Food Panda, gusto ko pong i-express na iyong Angkas is not the only Filipino App that aims to uplift our economy. Mga kababayan ko po na JoyRide, Dingdong Para Express, Pickup, Owto, Toktok and many more are waiting to be recognize as the next generation transport start ups.

For these Mister President, we also asked our government to continue to support a new breed of proudly Filipino tech enable products.

May question po Mister President, in line with your directive to decongest NCR, we hope that the government can already allow to expand to cities outside on Metro Manila to provide much needed opportunities to generate jobs and expand mobility nationwide. At sana po sa ating mga mahal na secretaries at mga opisyal kung puwede po ma-consider ang motorcycle taxi as part of the national transport plans ng ating gobyerno as a feeder system to the mass transport system. Ang mga Apps po ng gawa ng Filipino ngayon ay hindi mapapahiya 'pag tinabi po natin sa Uber at sinumang higante sa mundo. With you help, mas mapapalakas po natin ang industriya na ito, tuloy-tuloy na po ang pagbangon natin Mister President patungo sa Bagong Pilipinas, maraming maraming salamat po.

DOTR SEC. BAUTISTA: Thank you George, for that question 'no. Right now, we have ongoing pilot test 'no and of course si George is part this test 'no, and we are expanding this, we were requested by the committee of transportation 'no to expand this pilot test and gagawin ay magdagdag tayo ng additional 8,000 motorcycles 'no. Ang balak dito ng LTFRB is that, to have this outside of Metro Manila for the meantime. But rest assured that the Department of Transportation supports the operations of the motorcycle taxi.

PRESIDENT MARCOS: Ang talagang kailangan na gawin natin na hindi pa natin nagagawa, dahil sa Metro Manila iba't ibang lungsod iyan, iba't ibang bayan iyan. And we have to coordinate sa, bago nating sinimulan ito bawat isang LGU may sariling sistema, dahil wala namang nagbibigay ng buong sistema sa inyo, kaya't gumagawa kayo ng sarili ninyo, kaya't babaguhin natin iyan.

Mula ngayon, ang tingin natin sa traffic…ng traffic system pati sa kalsada pati sa mass transit jay gagawin natin isang buong plano. At ang pananaw natin sa problema ng trapiko sa Metro Manila ay isang buong sistema. We have to make it, we have to look at it as an entire system that complement each other, one town, one city to another.

So that, hindi naman masyadong mahirap para sa mga traveler, para sa mga commuter, para sa mga TODA, para sa lahat ng stakeholder at hindi pabago bago ang kanilang bawat ay tatakbo lang ng sampung kilometro iba na iyong rules doon. Iba na iyong oras ng truck, iba na iyon…lahat iyan kaya't kailangan natin i-coordinate.

Kaya't nakita natin kanina na mayroong ginagawa na mga central na monitoring, iyong malalaking screen para makita kung gaano karami, saan iyong pula, saan iyong hindi gumagalaw, saan iyong medyo maluwag para ilipat natin iyong traffic doon, lahat 'yan ay gagawin natin. But the only way to succeed in that, is that we have to consider the road system and the mass transit system in Metro Manila as one system and one system feeds into another.

PRESIDENT MARCOS:…And that is why we are trying to coordinate all the different LGUs of Metro Manila and to bring it together into one holistic plan. Iyan ang laging hinahanap natin – isang holistic plan para naman hindi na masyadong ma-confuse ang ating mga stakeholder kung papaanong gagawin kapag tumawid sila at napunta sa ibang bayan, sa ibang lungsod – that's one of the reasons that we are doing that.

Ang concern ni George [unclear] mga rider we have 15 million more or less riders dito sa Pilipinas kaya't napakaimportante talaga ang mga motorcycle lahat ng mga services nila at pag-deliver nila. And that is why we are trying to see what are the areas, high traffic areas na kung saan puwedeng mag-expand ang ating mga motorcycle services na tinatawag – iyon na nga iyong mga nagdi-deliver, iyong mga messenger, iyong mga Angkas, iyong mga…lahat ng iba't ibang klaseng trabaho na ginagawa na nakasakay sa motor. Kaya't again, it has to be a holistic system.

The other part that we are trying to do na hindi masyadong napag-usapan kanina ay iyong decongestion. Maraming mga regional offices ng iba't ibang region na nandito pa sa Maynila – lalo na mga Region IV, Region IV-A nandito pa sa Maynila – dahil noon talagang mas madaling pumunta Maynila kaysa pumunta doon sa kanilang lugar dahil walang dadaanan.

Kaya't sinasabi natin mag-isip-isip na tayo ayusin natin para naman iyong mga regional offices halimbawa ay mapunta nga sa regional center, hindi na maiiwan dito sa Maynila at malaking bagay iyon dahil kapag hindi na pumasok ng Maynila…kaya panay ang gawa natin ng mga bypass road kaya't napag-usapan natin iyong Bataan-Cavite dahil ang traffic na nanggagaling north-south hindi na dadaan ng Maynila – iyon ang problema. Kung minsan hindi naman patungo sa Metro Manila kung hindi ibang pupuntahang probinsiya ngunit walang ibang dadaanan kung hindi sa loob talaga ng Metro Manila – ayan na iyong traffic.

Kaya't iyong mga imprastraktura na ating ginagawa, my bypass, mga malalaking tulay, iyong pinga-usapan na Bataan-Cavite na tulay – that is 32 kilometers, napakahaba ngunit gagawin natin iyan upang ang Manila malaking pagbawas ng traffic na dumadaan, na pumapasok sa Maynila.

So, marami tayong mga strategy kaya nang narinig natin talagang whole-of-government ang approach dito hindi natin kayang sasabihin Department of Transport lang ang gagawa, DILG lang gagawa – the support and the cooperation of the LGUs siyempre is paramount diyan. The national government can only go so far at some point we have to handoff the problem to you with our own solutions.

Mayroon pa akong naisip na napag-usapan natin na hangga't maaari may ibang…maraming ibang lugar especially sa mga urban areas hangga't maaari iyong mga roadworks gawin sa gabi – huwag iyong mga tulay kasi iyong tulay naku magmamahal iyan, dodoble ang oras na aantayin natin pero iyong mga roadworks na talagang maraming dumadaan kapag papasok at kapag uuwi ay huwag na nating harangin, antayin na natin iyong gabi – iyong gabi halos walang traffic, iyon gawin natin iyong roadworks doon. Hangga't maaari huwag lang ma-delay, huwag lang maging mas mahal na palagay ko lalo na sa mga local feeder na roads puwedeng gawin iyon.

So, these are just strategies that we are examining para pagandahin ang ating mga…para iyong mga stakeholder natin, mga commuter natin ay hindi naman masyadong nahihirapan, hindi masyadong namamahalan at nauubos ang oras kakaantay ng sasakyan para makauwi. Eh hanggang ngayon hindi ko talaga…ang lagi ko sa kanilang sinasabi, napakalupit naman ay umuwi ako ng alas dose ng gabi eh mayroon pang nag-aantay ng bus, hindi pa makauwi iyon – uuwi iyon kapag makasakay ka na agad ng alas dose iyon, uuwi iyon ala una na. Gigising ulit iyon ng alas kwatro y media the next day – walang buhay talaga iyong mga tao, kawawa naman. So, we have to really improve the situation. We are trying very hard to solve the problem.

MODERATOR: Thank you, Mr. President and Secretary Bautista. Now from the transport group atin naman pong pakinggan si Mr. Roberto 'Ka Obet' Martin of the Pangkalahatang Sanggunian Manila and Suburbs Drivers Association (PASANG MASDA).

PASANG MASDA PRES. MARTIN: Kagalang-galang na Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., mga government officials, magandang umaga po.

Mahal na Pangulo, sa layunin po ninyo na maisaayos ang hanay ng transportasyon sa jeepneys, kami po sa hanay ng jeepneys ay sumuporta at nakiisa sa modernization program. At dahil po dito, mahal na Pangulo, hinihiling din po namin sa pagkakataong ito na magkaroon nang tamang sistema doon sa mga bagong players po natin na nagnanais magbigay ng serbisyo publiko sa ating mga kababayan.

Sa amin pong pananaw sa jeepney sector, mahal na Pangulo, dapat ay magkaroon ng tamang regulasyon ang bawat pampublikong sasakyan na nagnanais magserbisyo sa ating mga kababayan.

Sa amin pong hanay, mahal na Pangulo, ang ruta ng jeep, dapat po sa jeep lamang; ang ruta ng bus, sa bus sapagkat naaapektuhan din po ang aming hanapbuhay sa araw-araw. Kaniya po kami'y natutuwa sa pagkakataong ito upang ipaalam sa inyo ang aming damdamin.

Mahal na Pangulo, sana po magkaroon nang maayos na ruta ang jeepney, maayos na prangkisa hindi lamang po dito sa Kalakhang Maynila kung hindi sa buong bansa sapagkat sa nakikita po namin kung maayos ang lahat ng prangkisa, maayos lahat ang ruta – hindi ho tayo magkakaroon ng mabigat na problema ng trapiko hindi lamang po dito sa Kalakhang Maynila kung hindi sa buong bansa.

Isa pa po naming kahilingan, mahal na Pangulo, ito pong consolidation process na nabanggit ng aming Kalihim Jimmy Bautista na dapat po ay matuldukan na ito sa katapusan ng Abril o ng buwang kasalukuyang ito. Ayan po ang aming jeepney sector almost 86 percent na po, mahal na Pangulo, sa buong bansa ang nakapag-consolidate na. Kaniya po ipinararating po namin sa inyo, Kagalang-galang na Pangulo na tuldukan na po ito sa Abril ng buwang kasalukuyan.

At dahil po dito, mahal na Pangulo, andiyan po ang jeepney sector, nagpapasalamat at aming nasabi sa inyo ang aming mga problema. Umaasa po kami, kagalang-galang na Pangulong Bongbong, na magkakaroon po ng katuparan ang aming mga pangarap na pinangarap ninyo rin po.

Sa huli po, ako'y magpapapuri po kay kagalang-galang na Pangulo. Si Secretary Benhur Abalos sa kaniya pong walang puknat o pagtigil na pagtulong sa amin, anytime today natatawagan po namin siya; ang aming Kalihim ng transportasyon, even during Saturday and Sunday, mahal na

Pangulo, bukas po ang komunikasyon iniintindi at inuunawa ang mga problema na inilalapit namin sa kaniya; si Chairman Jojo Guadiz naman po ng LTFRB, pinipilit niya na maayos ang problema naming mga operator ng mga pampublikong sasakyan; at sa atin pong Assistant Secretary ng LTO, mahal na Pangulo, wala pong puknat ang panghuhuli ng mga kolorum, out of line na siya pong dumadagdag nang bawas-kita namin sa araw-araw na aming pagsiserbisyo sa ating mga kababayan. Almost 30 percent po nawawala po sa kita namin, maraming salamat po, Atty. Vigor; at sa atin pong butihing Chairman ng MMDA. Lagi po, mahal na Pangulo, kung may mga problema sa trapiko si Chairman Artes, kinukonsulta po kami, tinatawagan kami ang 'Magnificent 7' at ang iba pang sektor upang bigyan at bigyan nang lubos na panahon ang trapiko sa Kalakhang Maynila.

KA OBET: Mahal na Pangulo, men in uniform nandito po ngayon, nabanggit kanina sa mga kotong pinapupurihan ko rin po ang ating Regional Director, General Nartatez at ang kaniyang mga kasamahan sa National Capital Region doon po sa kanilang maayos na pagbibigay-serbisyo, pagtugon sa mga problema naming naaaping mga drayber sa kalye.

Maraming salamat po, kagalang-galang na Pangulong Bongbong Marcos.

PRESIDENT MARCOS: Maraming salamat. Maraming salamat, Ka Obet, at saka maraming salamat sa inyong grupo na talagang tumutulong po sa amin na naghahanap ng magandang solusyon dito sa mga suliranin tungkol sa trapiko. At kung hindi nga… hindi kayo aming kasama, hindi po natin magagawa lahat ng ating nais gawin upang pagandahin nga ang sitwasyon ng traffic.

Kaya't siguro iyong isang pinakamalaking problema ay ang… iyong pagpasada ng mga colorum at napakarami pala – hindi ko akalain at trenta porsiyento ng pumapasada ay colorum pala. Kaya't ipapasa ko ngayon kay DILG Secretary ang problema dahil ang pulis ang mag-i-enforce niyan at titiyakin na may prangkisang tama, kasama sa kooperatiba lahat ng inyong grupo at ng mga ibang transport groups, mga TODA lahat ay kinikilala ang mga magpapasada.

Kaya't maraming salamat sa inyong tulong at sana huwag kayong magsawa na magsabi sa amin kung ano pa ang naiisip ninyo na maaring gawin upang pagandahin ang sitwasyon sa trapiko. At sa kahuli-hulihan ay asahan ninyo, wala na pong extension iyong modernization *[laughs]*… kailangan na kailangan na natin iyan, kailangan na kailangan na natin iyan. Aayusin… titiyakin lang natin, ang tinitiyak lang namin na hindi mapabigat pa ang babayaran at iuutang ng driver/operator kaya't ginagawa nating maayos at ginagawa nating well organized iyong sistema na iyan.

DILG SEC. ABALOS JR.: Ka Obet, naatasan tayo ng ating Pangulo 'no. Sa totoo lang, gumalaw rito iyong aming Internal Securities sa Office of the Secretary kasama si General Nartatez. So, kami po'y tutulong nang lubusan kay Secretary Bautista 'no… General Nartatez, you have our commitment – gagalawan po natin ito dahil 30% nito ay colorum ha, para mas [unclear] sa iyo. Ito po'y utos ng ating mahal na Pangulo. Thank you.

MODERATOR: Thank you, Mr. President and Secretary Abalos. Isa pa muli sa transport group – acknowledging Mr. Jose Marco H. Del Pilar of the Nagkakaisang Samahan ng Nangangasiwa ng Panlalawigang Bus sa Pilipinas Incorporated.

MR. JOSE MARCO DEL PILAR: Hi. Good morning, Mr. President His Excellency. I am Jose Marco Del Pilar representing the Provincial Bus Operators of the Philippines.

In our ongoing efforts to help the government enhance the transportation infrastructure and streamline connectivity within the regions, certain operators in our association have initiated the creation of Transit Oriented Development transportation hub in Caloocan strategically positioned as the gateway to Metro Manila for travelers originating from Northern Luzon.

This pioneering initiative aims to seamlessly integrate bus routes originating from the north into the EDSA Bus Carousel feeder lines. It envisions facilitating the smooth operation of jeepneys and transport network vehicles, ensuring pickup and drop-off services of commuters traveling traversing Caloocan.

This TOD has a connection to LRT 1 which can bring people from Caloocan to PITX and NAIA airport – when they get to PITX, they will be able to go to Southern Luzon, Batangas and Cavite without passing through EDSA anymore. These are the kind of developments that we should look into to improve the lives of the Filipino people and the riding public.

Like what you said a while ago, Mr. President, in highly urbanized Asian countries like in Singapore, Japan and Hong Kong ‘no, we’ve looked into this like in Osaka Umeda Station to do it the same way here in the Philippines. So, we humbly seek the support and collaboration of the government on the enhancement of the existing as well as the future expansion of terminal exchange facilities similar to that of PITX.

We acknowledge the essential role of the government in facilitating the development of transportation infrastructure while concurrently incorporating transit oriented development near these facilities. The creation and enhance of road networks are also imperative to the success of these facilities.

So question also, Mr. President, is: How do we simplify the facilitation of the construction and building permits connected at transit oriented developments to help the traffic? Kasi usually iyong mga ganiyan, ‘pag malalaking projects, one year to two years ang mga building permits ‘no; and then secondly, for the private sector-led terminal projects, we are requesting for the provision of tax incentives to ensure the viability, financial viability of such projects.

Like for example, iyong PITX, kaya kaming mga operators na tinangkilik namin because once we go in PITX, libre po ang pagpasok ng bus doon. Iyong consortium po na nag-project ng PITX, hindi po chinarge ang mga bus operators pagpasok sa kanilang terminal so nakakatulong po ito sa mga riding public ‘no. Kumikita po siguro sila sa mga retail stores but pagpasok namin, libre po kami doon.

So iyon po ang hinihingi rin namin sa ating Pangulo at sa mga local government agencies para matulungan po kami. Salamat po. Thank you.

DOTR SEC. BAUTISTA: Thank you, Mr. Del Pilar, ‘no. Alam mo, napakaimportante po noong ating integrated transport exchange ‘no… na-experience na po natin ‘to sa PITX ‘no and ang susunod na project po natin ay ang Taguig naman ‘no – magkakaroon tayo ng another project which is bigger than PITX sa Taguig ‘no. Ito po ay project ng gobyerno with the Ayala Group ‘no.

Dito po sa north, nagtitingin din tayo ng possible location ‘no. Ang posible pong location nito ay iyong dito sa Victory Liner ‘no, mayroon pong seven hectares property dito ‘no – we had the initial discussion with the owners of Victory Liner ‘no. Kailangan po magkaroon tayo noong tinatawag na public-private partnership with the owners ‘no.

So, ito po ang tinitingnan natin ngayon ‘no and kung sakaling matuloy po ito ay hihingi kami ng sa LGU para mapabilis natin iyong pag-i-issue ng mga permit ‘no and at the same time, we will work closely with NEDA for us to be able to get the approval of this project ‘no. Kasi po, medyo malaki po ang cost nitong project na ‘to so it will require NEDA approval.

Thank you po.

PRESIDENT MARCOS: Tungkol naman doon sa karagdagang terminal, nakita ko nandito iyong namumuno ng GSIS – Mr. Wick Veloso. Wick, maybe you can help us with this problem, GSIS can invest in this terminals that they are proposing. So, pag-uusapan natin iyan, kulitin ninyo si Mr. Veloso *[laughter]*.

MODERATOR: Thank you, Mr. President and Secretary Bautista. In the interest of time, we will entertain one last query from our participants – at ang panghuli ay manggagaling naman sa LGU Traffic and Parking Management Office, acknowledging Mr. Dexter Cardenas, Head of Traffic and Transport Management Department of Quezon City.

MR. DEXTER CARDENAS: Sa ating Pangulo at sa mga kasamahan na nandito sa Bagong Pilipinas Town Hall Meeting on Traffic Concerns, isang magandang umaga po sa ating lahat. Ako po si Dexter C. Cardenas, hepe ng Traffic and Transport Management, department ng Lungsod Quezon, sa pamumuno ng aming mahusay at masipag na alkalde, Joy Belmonte.

Bilang kinatawan ng mga tagapagtupad ng batas trapiko at pangunahing naatasang mamahala sa lagay ng transportasyon at trapiko sa pinakamalaking lungsod as NCR, ang aming paglapit sa ating gobyerno na mapagbuti rin ang kalagayan ng aming mga traffic enforcers sa local na pamahalaan, ang aming mungkahi ay kung maaaring mapabilis ang proseso ng deputization ng aming mga local enforcers.

Bilang pagtugon sa desisyon ng Korte Suprema na nag-aatas sa MMDA na awtoridad sa pamamahala ng trapiko sa Kalakhang Maynila, lalung-lalo importante sa amin ang deputization order na iyon dahil nalalapit na rin po ang launching ng Kalinisan at Kaayusan ng … or sidewalk clearing operations ng DILG. Kami po ay inatasan ng DILG na paigtingin ang clearing operations sa ating mga barangay at ating mga kalsadahan. Ito ay isang pagdisiplina sa ating mga motorista sa mga lumalabag ng mga traffic rules and regulations sa ating kalunsuran.

Kasabay niyan ay ang patuloy na pakikipag-ugnayan ng mga ahensiya ng gobyerno at lokal na pamahalaan upang matiyak ang koordinasyon ng mga pagsisikap, pagkatugma ng mga patakaran, paglutas ng suliranin at pagkakaunawaan para sa makahulugang kooperasyon sa pagsasaayos ng daloy ng trapiko dito sa NCR.

Maraming salamat po at magandang umaga po sa ating lahat.

MMDA ACTING CHAIRMAN ATTY. ARTES: Maraming salamat, Dexter Cardenas. Bilang tugon po, mayroon kasing kautusan ang Korte Suprema na nagsasabi na ang MMDA ang pangunahing ahensiya na dapat mag-manage ng traffic, at ang mga local traffic enforcers ay puwede lamang manghuli kung ito ay deputized ng MMDA.

Sa iyo namang kahilingan na padaliin ang proseso ng pagdi-deputize, nai-publish na po natin iyong regulasyon sa pagdi-deputize; na-inform na rin ang ating mga local government units sa Metro Manila dahil magkaiba po iyong requirements namin sap ag-a-appoint ng enforcers as

compared sa mga LGUs. Kailangan po nating i-standardize ito kaya naglabas po tayo ng pag-a-appoint po or pagdi-deputize ng mga traffic enforcers.

Mamadaliin naman po natin ito sa lalong madaling panahon, hinihintay lang po iyong safety features ng ID, pero na-receive na po namin iyong inyong request at iyan po ay ilalabas natin soon. Ang coordination naman po natin sa mga LGUs pati sa traffic enforcers ay maayos. In fact, nag-seminar po tayo sa Lobo, Batangas kasama ang mga traffic heads po ng iba't ibang lungsod. Magkakaroon po tayo ng study tour, at ito po ay nabanggit ng ating Pangulo sa Cabinet meeting na tingnan ang … kung paano na-improve ang traffic situation sa Thailand. Iyan naman po ay naka-schedule na; kasama po kayo. At may nagbulong po sa aking mayor kanina na sasama rin po raw ang mga mayors para makita iyong improvement po sa traffic situation sa Thailand.

So iyan lamang po ay mga programa ng patuloy na koordinasyon para maisayos po natin at tayo ay maging isa dito sa Metro Manila. At asahan po ninyo na iri-release po namin kaagad iyong deputization, hopefully by next week, Mr. Dex. Salamat po,

MODERATOR: Thank you, Chairman Artes. With that, we are now closing our open forum. We had a very engaging discussion. At para sa mga queries, concerns na hindi na maa-accommodate during this open forum, ito po ay ia-address in writing ng mga concerned agencies.

Maraming salamat sa mga guests, participants na nag-raise ng kanilang mga concerns, at sa ating panel members who promptly responded to the queries of the stakeholders. Now, I'm turning over the facilitation of the program to our emcee, Atty. Saruka(?). Thank you very much.

- END -